「尿検査でピロリ菌検査結果が陽性及び判定保留の方へ」　　　　　　(タガログ語))

## SA POSITIBO O HINDI MALAMAN ANG RESULTA NG H. PYLORI TEST GAMIT ANG TEST SA IHI (GABAY PARA SA IKALAWANG H. PYLORI TEST)

Sa mga nag-「**陽性Positibo**」 ang resulta sa isinagawang H. pylori test na ito, ang ibig sabihin ng diagnosis ay <u>posibleng may H. pylori infection</u>.

Ang test sa ihi ay hindi gaanong mahirap gawin at mataas ang accuracy ngunit may pagkakataong hindi naman pala positibo.

At kapag naman「**判定保留 Hindi malaman**」 ang resulta, ang ibig sabihin ay <u>hindi malaman ang tamang resulta</u> marahil dulot ng kondisyon ng ihi.

Dahil dito, ang positibo o hindi malaman ang resulta ay kailangang kumuha ng **<u>ikalawang test (test ng dumi)</u>** <u>para makompirma kung mayroon ba o walang H. pylori infection</u>.

Ang ikalawang test (test ng dumi) ay **hanggang March 31, 2025 lamang**, maaaring magpa-test ng **<u>libre</u>** sa alinmang itinalagang pagamutan na nakasaad sa nakahiwalay na papel, kaya hinihikayat naming na magpa-test para mapangalagaan ang kalusugan ng inyong mga anak.

Magtanong lamang sa pagamutang nakasaad sa nakahiwalay na papel kung mayroon kayong hindi maintindihan.

## Proseso ng Ikalawang test（Test ng dumi）

**≪Ikalawang test Libre≫ <u>Hanggang March 31, 2025</u>**

①Magpakonsulta sa itinalagang pagamutan at pakinggan ang paliwanag at kunin ang stool test kit.

◇Dadalhin：「ピロリ菌検査結果票 H. Pylori Test Result Form」「三泗中学生ピロリ菌二次検査（便検査）申込書 Application form para sa Ikalawang H. Pylori Test ng Mag-aaral ng Junior High school sa Sanshi (Test ng dumi)」

②Kumuha ng sample ng dumi sa bahay, ipasa sa pagamutan.

③Kapag lumabas na ang resulta ng test ng dumi, magpakonsulta sa itinalagang pagamutan at pakinggan ang paliwanag.

**※ <u>Tumawag muna sa telepono bago magtungo sa pagamutan</u>**

**陰性 Negatibo** → Kunin ang resulta at tapos na.



**陽性 Positibo** ↓

**Pagtuntong 15 taong gulang pataas, maaari nang kumuha ng H. pylori eradication therapy.**
**(Kung nais・May bayad)**
※Paraan ng gamutan：Iinom ng 3 klase ng gamot tuwing umaga at gabi sa loob ng 7 araw.
Kabayaran：Sariling bayad ang buong halaga
（Hindi sakop ng Health insurance）

May bayad

↓

**<u>Hanggang March 31, 2026</u>**

Pagkatapos inumin ang mga gamot, ite-test uli ang dumi makalipas ang 8 linggo.

Libre


**【Maaaring tawagan】**
四日市市役所こども未来部
こども保健福祉課母子保健係
Yokkaichi City Children's Health and Welfare Dept.
TEL ０５９－３５４－８１８７
FAX ０５９－３５４－８０６１